Ar-kâ-nul I-mâ-ni Sit-ta:
Ang mga Haligi ng Pananampalataya ay Anim:

1.] **An-tu` mi-na bil-lâ-hi** – Ang Paniniwala sa Allâh;

2.] **Wa Ma-lâ`i-ka-ti-hi** – at sa Kanyang mga anghel;

3.] **Wa Kû-tu-bi-hi** – at sa mga Banal na Kasulutan;

4.] **Wa Rû-su-li-hi** – at sa Kanyang mga Sugo;

5.] **Wal Yaw-mil Âkhiri** – at sa mga Huling Araw;

6.] **Wa bil Qâ-da-ri khay-ri-hi wa shar-ri-hi** – at sa Pagkakatakda ng lahat ng bagay batay sa Batas ng Allâh o sa tamang pagkakasukat o angkop na kaayusan, mabuti man o masama.

Ar-kâ-nul Is-lâ-mi Kham-sa: Ang mga Haligi ng Islâm ay Lima:

1.] **Sha-hâ-da-tu` an: Lâ i-lâ-ha il-lal-lâh wa an-na Mu-ham-ma-dar Ra-sû-lul-lâh** – Pagsasaksi na: Walang sinuman ang bukod-tangi na karapat-dapat na sambahin kundi ang Allâh at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allâh;

2.] **Wa I-qâ-mus Sa-lâh** – at taos-puso na pagtatatag o pagsasagawa ng obligadong Salâh (pagdarasal) (limang beses araw-araw);

3.] **Wa I-ta-`uz Za-kâh** – at pagbibigay ng obligadong kawanggawa (Zakât);

4.] **Wa Saw-mu Ra-ma-dhân** – at pag-aayuno sa buwan ng Ramadhân;

5.] **Wa Haj-ju Bay-tul-lâ-hil Ha-râm** – at paglalakbay o pagsasagawa ng Hajj (Pilgrimage o Peregrinasyon) sa Tahanan ng (pagsamba sa) Allâh (para sa mga may kakayahan sa pananalapi at kalusugan).